
	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0016
	Title	Governing Policies on Transitioning the Provider Payment Mechanism (PPM) from All Case Rates (ACR) to Diagnostic-Related Groups (DRG)


Tanong	Sagot
1. Ano ang dahilan bakit binuo ang PhilHealth Circular No. 2022-0008 (Implementing Guidelines on The PhilHealth Framework and Methodology for Costing of Health Services)?	<p>Binuo ang polisiyang ito alinsunod sa batas na Universal Health Care (UHC) Act o ang Republic Act (R.A.) 11223 kung saan isinasaad sa Section 18 (b) na sisikap ang PhilHealth na lumipat sa paraan ng pagbabayad para sa mga health care provider (HCP) na:</p> <ul style="list-style-type: none"> (a) Nakabase sa kalidad ng paggagamot na ibinigay sa mga pasyente; at (b) Nakatapat sa aktwal na gastos ng pagpapagamot, base sa tunay na datos mula sa mga ospital. <p>Ang Diagnosis-Related Groups (DRG) ay nasubukan na sa iba't-ibang bansa tulad ng US, Germany, at Thailand. Napatunayan nilang lahat na ang pamamaraang ito ng pagbayad ay makatutulong sa pagpapalalim ng saklaw ng PhilHealth sa mga bayaring pangkalusugan na ang layunin ay mapaliit ang binabayaran ng mga pasyente.</p>
2. Ano ang layunin ng Circular na ito?	<p>Itinatagda sa polisiyang ito ang mga gabay para sa paraan ng pagbabayad ng mga benepisyo sa pamamagitan ng DRG.</p>
3. Ano ang sino ang saklaw ng Circular na ito?	<p>Nilalaman ng polisiyang ito ang mga patnubay sa bagong pamamaraan ng pagbayad ng PhilHealth para sa mga benepisyong pang-inpatient. Ito ay ilalapat sa lahat ng PhilHealth-accredited at kinontratang mga provider.</p>
4. Ano-ano ang mga patakarang nakalahad para sa Circular na ito?	<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang provider payment method (PPM) sa anyo ng DRG ay magsisilbing pangunahing PPM para sa lahat ng benepisyong pang-inpatient. 2. Bubuo ang Information Technology (IT) office ng PhilHealth ng sistema o teknolohiya para sa pagpapatupad ng DRG sa lahat ng HCP na nagbibigay ng benepisyong pang-inpatient. Ang kumpletong detalye nito ay ilalahad sa hiwalay na publikasyon.



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0016
	Title	Governing Policies on Transitioning the Provider Payment Mechanism (PPM) from All Case Rates (ACR) to Diagnostic-Related Groups (DRG)

Tanong	Sagot
	<p>3. Sisikapin ng PhilHealth na mapabuti ang sistema ng pagproseso ng claims upang mapabilis ito para sa implementasyon ng DRG.</p> <p>4. Iabase ang halaga ng ibabayad ng DRGs sa datos ng mga aktwal na gastos ng ilang mga ospital sa pagpapatakbo ng pasilidad at pagpapagamot.</p> <p>5. Pagbubutihin ng PhilHealth ang pamamaraan ng pago-audit ng mga claims at pagmo-monitor ng performance ng mga HCP.</p> <p>6. Maglalabas ang PhilHealth ng hiwalay na polisiya na may detalyadong gabay sa mismong implementasyon ng DRG.</p>
<p>5. Paano gagawin ng PhilHealth ang pagsubaybay at pagsusuri?</p>	<p>Magsasagawa ang PhilHealth ng regular na pag-aaral at pagrebisa ng polisiya.</p>
<p>6. Ano-ano ang mga transitory clause para sa pagpapatupad ng Circular na ito?</p>	<p>1. Magsasagawa ang PhilHealth ng oryentasyon para sa mga HCP tungkol sa DRG kasabay ng pagpapatupad nito. Maglalabas rin ang PhilHealth ng mga kaugnay na publikasyon para sa mga HCP at miyembro at sino mang nais aralin at unawain ang sistema ng DRG.</p> <p>2. Ang unang bersyon ng mga DRGs ay batay sa sistemang nagmula sa Thailand. Ito ay gagawing angkop sa mga pamamaraan ng paggagamot na tinatangkilik ng mga Pilipinong doktor.</p> <p>3. Aasahan ang mga HCP na ibahagi sa PhilHealth ang malinis at maayos na datos ng kanilang PhilHealth claims upang padaliin ang paglipat sa DRGs.</p>



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0016
	Title	Governing Policies on Transitioning the Provider Payment Mechanism (PPM) from All Case Rates (ACR) to Diagnostic-Related Groups (DRG)

Tanong	Sagot
	<p>4. Habang ginagawa ang transisyon patungong DRG ay patuloy na gagamitin ang ACR bilang pangunahing PPM.</p> <p>5. Isasagawa muna ng PhilHealth ang pangunahing implementasyon ng DRGs sa mga piling HCP upang mapatunayang kayang ipatupad ang DRGs sa lahat ng kinontratang HCP sa buong bansa.</p> <p>6. Ang PhilHealth ay magbubuo ng DRG steering committee na siyang mamumuno at magdedesisyon para sa repormang ito. Kasama rito ang technical working group at sub-groups na kasamang magbubuo ng polisiya ng DRG at mga kaakibat na reporma ng PPM.</p>

